

Apat na Tula

E.J. V. Bolata
evbolata@up.edu.ph

Bali-Balita

Nang marinig namin ang balita
nagkanya-kanya kami ng sara ng pinto.

Sa kwarto ko, iisa ang bintana. Maliit. Nasa gilid.
Lampas sa jalousie, may grills na balot ng kalawang.

Kapag umuulan, nagpapawis na parang yelo ang dingding.
Kinabukasan, ang kaputian ay tutubuhan ng amag.

Palilipasin ko sa daigdig na ito ang dalawang linggo.

Sa labas, may harang ng pulis sa kalyeng papunta sa amin.
Sa pintuan, naghihintay ang bigas, de lata, galon ng mineral.

Isa itong boarding house. May dalawang palapag.
Limang libo kada buwan sa sukat na dalawang dipa at isa.

Dati, may roommate akong inhinyero. Nagsalo kami sa mga tagpo
ng sunog at kagat ng daga. Lumipat siyang Taiwan bago magpandemya.

Dalawang taon na rin pala ang lumipas nang ipinasara ang aming pinto
ng iisang salita—"Positive." May balkonahe na sa bago kong nilipatan.

Wala mang sariwang hangin sa kondominyong katapat ng abenida,
nasisilip ko na ngayon kung araw pa ba o gabi na.

Sa estante kong ligtas na sa amag, tinitigan ako ng gulugod ng libro
ni Lázaro Francisco. Kumatok ang isang balita. Binuksan ko ang link.

Tutulan daw, sabi ng Tsinong ambassador, ang kasarinlan ng Taiwan,
"if you care genuinely about the 150,000 OFWs."

Kumusta na kaya ang roommate kong kinagat ng daga?
Ako naman ang tumitig sa aklat. Iyon pa rin ang nakasulat.

The world is still beautiful.

Pagmulat ng Lungsod
(*Alinsunod kay Ovid*)

Ilan pang lakad ni Febo
at tarak ng palasong-lunas
sa libo-libong braso,
unti-unti nang nag-iinat
ang lungsod mula sa lagim
ng bangungot: ang lungsod,
na isang Marso
ay pinaglahuan ng rindi,
ngayo'y napupuno na
ng padyak at busina,
ingit at igkas ng makina't gulong,
at mga mukhang kubli
ang bibig at ilong,
silang araw-araw ay naninimbang
ng matitiis: kung malubhang lagnat ba
o kalam ng sikmura.
Sa lagutok ng mga butong
kailangan nang bumatak,
muling umuunat
ang mga dati'y nagmumultong lapad
ng mga riles, daan, at kalsada
na para bang paghaltak ni Cupido
sa pana, ang paslit na bathalang
minsang sinaway ni Apollo:
naglalaro pareho
ng liyab at ng panganib.
Pahirin man
ng maligamgam na haplos
ng bagong araw
ang mutang makapal
ng papadilat na lungsod,

nauna nang luminya
sa pila sa estasyon
ang daan-daang katawang
kalahating-buhay,
kalahating-patay,
itinutulak hindi ng eros
kundi pangangailangan.
Daan-daang katawang
may langib pareho
sa puso at braso:
kauuwi lamang sa lamay,
pinaplastik ang lugaw na malamig,
at para makanakaw ng idlip,
doon na nagpagpag
sa tren na ang boses ay pupugak-pugak.

Huling Mansanas

Nang minamasdan ko ang mansanas
ang nakikita ko ay si Cezanne, inaaral
ang bagal sa bilog niyang mga prutas.

Mapalad ako't napauupo ko sa palad
ang noo'y hindi malaman ng mga bata
nang una nilang makatagpo ang Kano:

"A is for Apple," turo nito sa pisara
gamit ang parehong hintuturo sa gatilyo
ng Krag-Jorgenseng nakaumang

sa katawan ng mga magulang nilang
half-demon, half-child. Walang sugat
sa mga mansanas ni Cezanne

tulad ng mansanas na hiniling
ng aking ama bago siya binawian
ng hininga. Natagpuang patay

ang isang mama sa loob ng kotse,
sarado at puno ng pagkain, ang sabi
sa balita, na-COVID. Hindi malayo

sa mga taga-Firenze ni Boccaccio:
naghahapunan sa gabi upang bukas din
ay katatagpuin ang mga ninuno.

Walang mansanas sa huling hapunan
ng *Nosferatu* ni Herzog, sinimot na ng bubwit,
at sa *Don't Look Up*, sinabihan ang bida:

"Mamamatay kang mag-isa."
Hindi rin nangyari. (Sorry sa spoiler.)
Baka lang maunahan ng huling hapunan

kaysa malipasan at mapanisan. Napapanis ba
ang mansanas? Huli na ako para malaman.
Kanina pa sarado ang mga tindahan.

Sa Buhangin

Sapo ng tubig-alat
ang aking bukong-bukong
habang ang talampaka'y
lapat sa gaspang ng buhangin.
Tugon ng kalikasan
sa higpit ng tumitiklop na daliri sa paa
ang alpas ng butil sa mga pagitan
at bulong ng bulang di masagap
ng taingang nais makinig
sapagkat nilulunod agad
ng hampas ng alon.

Pagkaahon sa mababaw
sinalat ko ang aking paa para
sa bakas ng mga mensahe. Kakulay
ng bagong-luwal na sanggol,
walang muwang ang mga pikit na gasgas
na di kailangan ng maghapon
upang humilom. Bumalik sa ilalim
ang lihim. Isang siglo ng panibagong
pag-aabang sa buhangin.

Tala

Ang unang tatlong tula, "Bali-Balita," "Pagmulat ng Lungsod," at "Huling Mansanas," ay mula sa kalipunang "Covid-19," na nagkamit ng ikatlong gantimpala sa Gawad Maningning Miclat sa Tula sa Filipino noong 2023. Bahagya itong nirebisa para sa kasalukuyang publikasyon. Ang "Sa Buhangin" ay isang tula na naisulat noong 2021.

*Nagtuturo ng kasaysayan sa UP Diliman si **E.J. Bolata**. Dalawang chapbooks ng kaniyang mga tula ang inilathala ng Aklat Ulagad (Virac, Catanduanes): Sibilisasyon sa Siwang at iba pang mga tula (2021) at Liban sa Nalalabi (2022).*